International Journal of Research Studies in Education
2026 Volume 15 Number 22, 297-313

Guided writing method sa intensipikasyon ng kasanayan sa pagsulat ng persweysib na sanaysay sa Filipino 9



Villarin, Jessica M. ✉
General Climaco National High School, Philippines (jessica.montebon@deped.gov.ph)

Received: 25 September 2026 **Revised**: 11 November 2026 **Accepted**: 3 November 2026
Available Online: 4 November 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26453

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang bisa ng *Guided Writing Method* sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay na persweysib ng mga mag-aaral sa Baitang 9 ng *General Climaco National High School* sa taong panuruan 2026–2027. Gumamit ang pananaliksik ng disenyong quasi-experimental, partikular ang *One-Group Pretest-Posttest Design*, upang matukoy ang pagkakaiba ng pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang nasabing pamamaraan. Animnapung (60) mag-aaral ang naging respondente ng pag-aaral. Ginamit bilang instrumento ang paunang pagganap, panghuling pagganap, at talatanungang *Likert Scale.* Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang *mean, standard deviation*, at *Paired Samples t-test*. Sa simula, nagtamo ang mga mag-aaral ng antas na Nangangailangan ng Pagpapabuti sa lahat ng dimensiyon ng pagsulat gamit ang kumbensyunal na paraan ng pagtuturo. Subalit, matapos ilapat ang *Guided Writing Method*, kapansin-pansin ang pag-angat ng kanilang kakayahan at umabot na sila sa antas na Mahusay. Ipinapakita ng mga resulta na epektibo ang *Guided Writing Method* sa pagpapataas at pagpapabuti ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral kumpara sa tradisyonal na pamamaraan.Inirerekomenda ang patuloy na paggamit at pagsasama ng *Guided Writing Method* sa mga aralin sa pagsulat upang mas mapaunlad pa ang antas at kasanayan ng mga mag-aaral. Ipinakita rin ng *Paired Samples t-test* na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral ($p < .001$). Dagdag pa rito, nagpakita ang mga respondente ng positibong saloobin sa paggamit ng *Guided Writing Method*. Sa kabuoan, napatunayang epektibo ang *Guided Writing Method* sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay na persweysib. Bunga nito, nabuo ang *Guided Writing-Based Worksheets* bilang kagamitang pampagtuturo at interbensiyon para sa mga mag-aaral.

Mga Susing Salita: Guided Writing Method, sanaysay na persweysib, kasanayan sa pagsulat, Filipino 9, Guided Writing-Based Worksheets, interbensiyong pampagtuturo

© The Author(s) / Attribution-ShareAlike CC BY-SA

Guided writing method sa intensipikasyon ng kasanayan sa pagsulat ng persweysib na sanaysay sa Filipino 9

1. Panimula

Ang pagsulat ng sanaysay ay isang mahalagang kasanayang akademiko na naglalayong malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malinaw na pagpapahayag ng ideya, organisasyon ng kaisipan, at kritikal na pag-iisip. Sa pamamagitan ng pagsulat, naipapahayag ng mag-aaral ang sariling pananaw, damdamin, at pagsusuri sa iba't ibang paksa. May ilang pag-aaral na tumatalakay sa antas at pag-unlad ng kasanayan sa pagsulat ng persweysib na sanaysay ng mga mag-aaral. Halimbawa, natuklasan nina Alquizalas, Barita, Rondina, at Garcia (2025) na ang kasanayan sa pagsulat ng persweysib na sanaysay ay nakaugnay sa organisasyon ng ideya, wastong gramatika, at kakayahan ng mag-aaral na magpahayag ng lohikal na argumento sa kanilang komposisyon. Ipinakita rin sa kanilang pag-aaral na ang paggamit ng rubrik at pagtatasa ay mahalaga upang masukat ang aktuwal na kakayahan sa pagsulat. Samantala, binanggit din sa pag-aaral ni Dela Pena (2023) na isa rin ang pagsulat sa maituturing na paraan na madalas na ginagamit ng guro upang madebelop ang kasanayan ng mga estudyante sa epektibong pagpapahayag na isa rin sa mahalagang makrong kasanayan na kailangang linangin. Mula sa pahayag, mahihinuha na ang pagsulat ay isang mahalagang estratehiya na ginagamit ng guro upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa malinaw at mabisang pagpapahayag. Ipinakita ng pag-aaral nina Gatcho at Ramos (2016) na ang pagsulat ay isang kompleks na kasanayan na nangangailangan ng integrasyon ng kognitibong kakayahan, organisasyon ng ideya, at wastong paggamit ng wika upang makabuo ng malinaw na sanaysay. Sa isa pang pag-aaral, natukoy na maraming mag-aaral ang nahihirapan sa organisasyon ng ideya at wastong estruktura ng sanaysay, na nagiging sanhi ng kahinaan sa kanilang akademikong pagsulat (Martinez, 2025). Ang mga pag-aaral na ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagsusuri sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat upang matukoy ang mga kahinaan at makapaglatag ng mga estratehiyang makatutulong sa kanilang pag-unlad.

Batay sa mga kaugnay na literatura at pag-aaral, lumilitaw na marami pa ring mag-aaral ang nahihirapan sa pagsulat ng sanaysay, lalo na sa organisasyon ng ideya, wastong paggamit ng gramatika, at malinaw na pagpapahayag ng argumento. Halimbawa, ipinakita sa pag-aaral ni Martinez (2025) na maraming mag-aaral ang nakararanas ng kamalian sa estruktura ng pangungusap, gramatika, at organisasyon ng ideya sa pagsulat ng sanaysay, na nagiging hadlang sa malinaw na pagpapahayag ng kanilang kaisipan. Sa isa pang pag-aaral, natukoy na ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral ay may kahinaan sa aspetong retorika tulad ng estilo at organisasyon ng sanaysay, kahit na may sapat silang kaalaman sa mga mekaniks ng pagsulat (Mamidted, 2023). Ipinapakita ng mga pag-aaral na ito na bagama't mahalaga ang pagsulat ng sanaysay sa akademikong pagkatuto, nananatili pa ring hamon para sa maraming mag-aaral ang pagbuo ng maayos at organisadong sulatin. Dahil dito, mahalagang suriin ang kasalukuyang antas ng kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay upang matukoy ang mga kahinaan at makapaglatag ng mga paraan na makatutulong sa pagpapabuti ng kanilang kakayahan sa pagsulat.

Sa aktuwal na sitwasyon sa silid-aralan, kapansin-pansin na maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pagbuo ng maayos at organisadong sanaysay. May mga pagkakataong hindi malinaw ang pagkakasunod-sunod ng kanilang mga ideya, kulang ang paliwanag sa mga argumento, at nagkakaroon ng kamalian sa paggamit ng gramatika at bantas. Bukod dito, may mga mag-aaral ding nawawalan ng kumpiyansa sa kanilang kakayahan sa pagsulat dahil sa kakulangan ng sapat na gabay at pagsasanay. Upang matugunan ang mga suliraning ito, mahalagang magpatupad ng mga estratehiya at interbensiyon na nakatuon sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng malinaw na gabay sa pagsulat, rubrik sa pagtataya, at sistematikong pagsasanay ay maaaring makatulong upang mapabuti ang organisasyon ng ideya, wastong paggamit ng wika, at kabuoang kalidad ng kanilang sanaysay.

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang intensipikasyon ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral upang malaman ang kanilang lakas at kahinaan sa larangan ng akademikong pagsulat. Nilalayon din

nitong masuri ang kanilang kakayahan sa organisasyon ng ideya, paggamit ng wastong gramatika, at pagbuo ng makabuluhang argumento sa sanaysay. Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat makatutulong ito sa mga guro sa pagdisenyo ng mga angkop na estratehiya at gawain sa pagtuturo ng pagsulat. Sa kabuoan, ipinakikita ng mga kaugnay na pag-aaral at obserbasyon na ang pagsulat ng sanaysay ay isang mahalagang kasanayang dapat patuloy na linangin sa mga mag-aaral. Gayunpaman, nananatili ang ilang suliranin sa organisasyon ng ideya, paggamit ng wika, at pagbuo ng malinaw na argumento sa pagsulat. Dahil dito, mahalagang maisagawa ang isang pag-aaral na magtutuon sa intensipikasyon ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay upang matukoy ang mga aspektong nangangailangan ng pagpapabuti.

Layunin ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang masuri ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Baitang 9 ng General Climaco National High School gamit ang Guided Writing Method sa taong panuruan 2026-2027, na naglalayong magsilbing gabay sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo. Tiniyak nitong sagutin ang paunang pagganap sa kumbensyunal na pagtuturo, panghuling pagganap gamit ang Guided Writing Method, ang pagkakaiba ng performans, ang saloobin o karanasan ng mga mag-aaral, at ang mabubuong kagamitang pampagtuturo. Kaugnay nito, layunin ng pag-aaral na suriin ang bisa ng nasabing pamamaraan sa mga dimensiyon ng nilalaman, organisasyon, gramatika at mekaniks, panghihikayat at pangangatwiran, pati na ang estilo at pagkamalikhain, upang matukoy ang pagbabago sa performans ng mga mag-aaral at makabuo ng mga guided writing-based worksheet bilang epektibong interbensiyon.

Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng bisa ng Guided Writing Method sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng persweysib na sanaysay sa asignaturang Filipino 9 sa taong panuruan 2026–2027. Saklaw nito ang animnapung (60) mag-aaral mula sa Baitang 9 ng General Climaco National High School sa Lungsod ng Toledo, Cebu, na pinili sa pamamagitan ng convenience sampling mula sa kabuuang siyamnapu't tatlong (93) mag-aaral ng mga seksyong Nova at Ziph. Nililimitahan ang pagtataya ng kasanayan sa limang pangunahing pamantayan: nilalaman, organisasyon, gramatika at mekaniks, panghihikayat at pangangatwiran, at estilo at pagkamalikhain. Gumamit ang pananaliksik ng quasi-experimental na disenyong One-Group Pretest-Posttest Design upang sukatin ang pauna at panghuling pagganap ng mga respondente, gayundin ang kanilang mga saloobin at karanasan sa tulong ng talatanungang may Likert Scale. Ang pangunahing awtput ng pag-aaral na ito ay ang pagbuo ng mga Guided Writing-Based Worksheets bilang interbensiyong pampagtuturo upang matugunan ang mga natuklasang kakulangan sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Kahalagahan ng Pag-aaral - Malaki ang naging ambag ng pag-aaral na ito sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng persweysib na sanaysay ng mga mag-aaral sa Filipino 9 sa pamamagitan ng *Guided Writing Method*. Layunin nitong matulungan ang mga mag-aaral na mas malinaw na maipahayag ang kanilang mga ideya sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kanilang kakayahan sa nilalaman, organisasyon, gramatika, at pagkamalikhain. Ang mga natuklasan sa pananaliksik na ito ay kapaki-pakinabang sa mga sumusunod:

- **Administrasyon**. Ang pag-aaral na ito ay magsisilbing gabay sa administrasyon ng paaralan sa pagbuo ng mga programang pang-akademiko na makatutulong sa pagpapahusay ng pagtuturo ng pagsulat at sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino.

- **Mga Guro**. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay magsisilbing sanggunian ng mga guro sa paggamit ng *Guided Writing Method* bilang isang epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay. Makatutulong din ito sa pagbuo ng mga gawain at kagamitang pampagtuturo na angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral.

- **Mga Mag-aaral**. Magkakaroon sila ng sistematikong gabay upang malinaw, malikhain, at organisadong maipahayag ang kanilang mga kaisipan sa pagsulat ng persweysib na sanaysay.

- **Mga Mananaliksik sa Hinaharap**. Ang pag-aaral na ito ay magsisilbing batayan at sanggunian ng mga susunod pang mananaliksik na magsasagawa ng mga pag-aaral na may kaugnayan sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat gamit ang iba’t ibang estratehiya sa pagtuturo.

2. Metodolohiya

Disenyo ng Pag-aaral - Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *One-Group Pretest–Posttest Design*, isang uri ng *quasi-experimental research design* na naglalayong masukat ang pagbabago o pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ipatupad ang isang interbensyon o estratehiya sa pagtuturo. Sa disenyo na ito, iisang pangkat lamang ng mga respondente ang kalahok sa pag-aaral at sila ay sasailalim sa dalawang pagsusulit: paunang pagganap bago ipatupad ang interbensyon at panghuling pagganap pagkatapos itong maisagawa. Pagkatapos ng paunang pagganap, ipinatupad ang *Guided Writing Method* bilang interbensyon sa pagtuturo ng pagsulat. Sa pamamaraang ito, gagabayan ng guro ang mga mag-aaral sa bawat hakbang ng proseso ng pagsulat tulad ng pagbuo ng ideya, pagbalangkas, pagsulat ng *draft*, pagrerebisa, at pag-edit upang mapahusay ang kanilang kakayahan sa paglikha ng organisado at makabuluhang sulatin. Matapos naisagawa ang interbensyon, nagsagawa ng panghuling pagganap gamit ang kaparehong pamantayan ng pagtataya upang matukoy kung may pagbabago o pag-unlad sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ang paghahambing ng resulta ng pauna at panghuling pagganap ang nagsilbing batayan upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga respondente matapos gamitin ang *Guided Writing Method*. Sa pamamagitan ng disenyo na ito, dito natukoy kung ang paggamit ng *Guided Writing Method* ay epektibong nakatulong sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ang mga datos na nakalap mula sa pag-aaral ay nagsilbing batayan sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo o interbensyon na nakatulong mapunan ang mga kakulangan sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Respondente - Ang mga respondente ng pag-aaral na ito ay binuo ng siyamnapu't tatlong (93) mag-aaral mula sa Baitang 9 ng *General Climaco National High School, General Climaco, Toledo City, Cebu* sa taong panuruan 2026–2027. Kabilang dito ang apatnapu't anim (46) na mag-aaral mula sa seksyong *Nova* at apatnapu't pito (47) na mag-aaral mula sa seksyong *Ziph*. Pinili ang mga mag-aaral na ito bilang kalahok sa pananaliksik dahil nakitaan matukoy ang kanilang antas ng kasanayan sa pagsulat at upang masuri ang bisa ng paggamit ng *Guided Writing Method* sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pagsulat sa asignaturang Filipino. Gayunpaman, mula sa kabuoang siyamnapu't tatlo (93) na mag-aaral, animnapung (60) mag-aaral lamang ang naging aktuwal na kalahok sa pag-aaral. Gumamit ang mananaliksik ng *Convenience Sampling*, isang uri ng *non-probability sampling*, kung saan pinili ang mga respondente batay sa kanilang pagiging madaling lapitan, kahandaang lumahok, at pagiging handa sa panahon ng pangangalap ng datos. Ang pamamaraang ito ay napili upang maging mas episyente ang isinagawang pananaliksik at upang matiyak na ang mga kalahok ay lumahok nang buo sa lahat ng proseso ng pag-aaral.

Instrumento ng Pananaliksik - Ginamit ang tatlong instrumento ng mananaliksik upang makuha ang mga datos. Paunang pagganap, panghuling pagganap at isang talatanungan *(likert scale)* upang masukat ang saloobin ng mga respondenteng mag-aaral. Bago ginamit ang paunang pagganap bilang instrument ng pag-aal, sumailalim muna ito ng *content validation* upang matiyak ang kaangkupan, kalinawan, at kaugnayan ng mga nilalaman nito sa layunin ng pananaliksik. Humingi ang mananaliksik ng pagsusuri at rekomendasyon mula sa mga eksperto sa larangan, kabilang ang mga *Master Teacher, Subject Coordinator, Teacher V* at iba pang dalubhasa sa pagtuturo ng Filipino at pananaliksik. Matapos maisagawa ang mga kinakailangang rebisyon batay sa kanilang mungkahi, isinagawa ang *pilot testing* sa tatlumpung (30) mag-aaral na hindi kabilang sa mga magiging respondente ng pag-aaral. Ang mga nakalap na datos mula sa *pilot testing* ay ipinasa sa isang estadistiko upang masuri ang balididad at pagiging angkop ng instrumento. Ang prosesong ito ay isinagawa upang matiyak na ang instrumento ay makapagbibigay ng wasto, maaasahan, at kapani-paniwalang datos para sa pag-aaral.

Sa paunang pagganap, ang mga respondenteng mag-aaral ay sumulat ng isang persweysib na sanaysay batay sa ibinigay na paksa gamit ang kumbensyunal na paraan ng pagtuturo sa pagsulat. Ang kanilang mga sulatin ay tatayahin gamit ang rubrik na may mga pamantayan tulad ng nilalaman, organisasyon, gramatika at mekaniks, at estilo at pagkamalikhain. Layunin nito na matukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat bago gamitin ang *Guided Writing Method.* Samantala, sa panghuling pagganap, muling sumulat ng persweysib na sanaysay ang mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang *Guided Writing Method* sa pagtuturo ng pagsulat. Ang kanilang mga sulatin ay tinaya gamit ang kaparehong rubrik upang makita kung may pagbabago o pag-unlad sa

kanilang kasanayan sa pagsulat. Bukod dito, gumamit din ng talatanungan na may *Likert Scale* upang malaman ang saloobin at karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng *Guided Writing Method*. Sa pamamagitan ng mga instrumentong ito, nakalap ng mananaliksik ang datos na nagsilbing batayan sa pagsuri ng bisa ng *Guided Writing Method* sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat na persweysib.

Pamamaraan sa Paglikom ng Datos - Una, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa punong-guro o kawaksi ng punong-guro ng *General Climaco National High School* na siyang pinagtuunan ng pag-aaral na hayaan o payagan ang mga mag-aaral sa Baitang 9 sekyon ng *Nova* at *Ziph* na maging respondente ng pag-aaral. Ikalawa, sa paunang pagganap, nagturo ang guro ng kombensyonal na paraan ng pagtuturo sa pagsulat ng persweysib na sanaysay. Pagkatapos, ang guro ay nagpasulat sa mga mag-aaral ng sanaysay at ginamitan ito ng rubriks bilang gabay sa pagwawasto nito. Ikatlo, sa panghuling pagganap gumamit ang mananaliksik sa mga respondente ng makabagong paraan sa pagsulat ng sanaysay. Sa paggamit ng *Guided Writing Method* sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay, mahalagang sundin ang ilang hakbang upang maging malinaw at maayos ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Una ay ang (1) pagpaplano o *pre-writing,* kung saan tinutulungan ng guro ang mga mag-aaral na makabuo ng ideya tungkol sa paksa sa pamamagitan ng *brainstorming*, gabay na tanong, o paggawa ng balangkas. Ikalawa ay ang (2) pagsulat ng unang burador o *drafting*, kung saan isinusulat ng mga mag-aaral ang kanilang mga ideya batay sa nabuong balangkas habang ginagabayan ng guro upang maging malinaw ang kanilang pagpapahayag. Sumusunod naman ang (3) pagrerebisa o *revising*, kung saan sinusuri at inaayos ng mga mag-aaral ang kanilang sanaysay upang mapabuti ang nilalaman at organisasyon nito. Panghuli ay ang (4) pagwawasto o *editing*, kung saan tinitingnan ang wastong paggamit ng wika tulad ng tamang baybay, gramatika, at bantas. Sa pamamagitan ng mga hakbang na ito, mas nagiging maayos at epektibo ang paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Pagkatapos, ang mga mag-aaral ay susulat ng sanaysay gamit ang *guided writing method* na gagamitan ng parehong pamanatayan. Ang mga nakuhang sagot mula sa mag-aaral ay iniwasto sa tulong ng kasamahan sa Filipino, ginamitan ito ng inihandang rubrik ng mananaliksik upang masukat ang puntos ng bawat mag-aaral. Ang rubrik na ito ay gawa mismo ng mananaliksik upang mapadali at mabigyan ng maayos na batayan ang pagwawasto ng naisulat ng mga mag-aaral. Ikaapat, pagkatapos makuha at makolekta ang mga datos at puntos sa pauna at panghuling pagganap, sinuri ang makabuluhang pagkakaiba gamit ang istadistikal na *Paired samples T-test*. Dito, malalaman ang makabuluhang pagkakaiba sa dalawang pagsusulit. Ikalima, ang talatanungan na *likert scale* ay ginamit sa mga respondenteng mag-aaral upang kunin ang saloobin at malaman ang kabisaan ng *guided writing method*. Panghuli, gamit ang mga datos na nakuha, nakabuo ang mananaliksik ng kagamitang pampagtuturo, kongklusyon at rekomendasyon.

3. Resulta at Pagtatalakay

Inilalahad sa bahaging ito ang kwantitatibong resulta ng pag-aaral kaugnay sa mga suliraning itinakda sa pananaliksik. Kabilang dito ang antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa paunang pagganap gamit ang tradisyunal na pamamaraan sa pagsulat ng persweysib na sanaysay batay sa nilalaman, organisasyon, gramatika at mekaniks, panghihikayat at pangangatwiran, at estilo at pagkamalikhain.

3.1 Paunang Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Persweysib na Sanaysay sa Filipino 9

Upang matukoy ang paunang antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa pagsulat ng persweysib na sanaysay, isinagawa ang paunang pagganap gamit ang kumbensyonal na pamamaraan ng pagtuturo. Sinukat ang kanilang kakayahan batay sa nilalaman, organisasyon, gramatika at mekaniks, panghihikayat at pangangatwiran, at estilo at pagkamalikhain sa pagsulat. Ang mga resultang nakuha ay nagsilbing batayan sa pagtataya ng kanilang kasalukuyang antas ng kasanayan bago gamitin ang *Guided Writing Method*.

Batay sa talahanayan 1, ang Nilalaman ay nakakuha ng *mean* na 2.47 at *standard deviation* na 0.536, na may berbal na paglalarawang Nangangailangan ng Pagpapabuti. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay hindi pa ganap na nakalilikha ng sapat at makabuluhang nilalaman sa kanilang mga sulatin at kinakailangan pa ng higit na pagsasanay upang mapalawak at mapalalim. Sa aspektong Organisasyon, nakapagtala ito ng *mean* na 1.83 at

standard deviation na 0.918, na may berbal na paglalarawang Nangangailangan ng Pagpapabuti. Ipinakikita nito na nahihirapan pa ang mga mag-aaral sa maayos na pagsasaayos at pagkakaugnay-ugnay ng kanilang mga ideya, dahilan upang maging limitado ang lohikal na daloy ng kanilang sulatin.

Talahanayan 1

Paunang Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Persweysib na Sanaysay sa Filipino 9 gamit ang Kombensyunal na Pagtuturo

Pamantayan	*Mean*	*Standard Deviation*	*Verbal Description*
Nilalaman	2.47	0.536	Nangangailangan ng Pagpapabuti
Organisasyon	1.83	0.918	Nangangailangan ng Pagpapabuti
Gramatika at Mekaniks	2.33	0.572	Nangangailangan ng Pagpapabuti
Panghihikayat at Pangangatwiran	2.40	0.643	Nangangailangan ng Pagpapabuti
Estilo at Pagkamalikhain	2.42	0.619	Nangangailangan ng Pagpapabuti

Leyenda: 1.00-1.80=Hindi Katanggap-tanggap, 1.81-2.60=Nangangailangan ng Pagpapabuti, 2.61-3.40=Katamtaman, 3.41-4.20=Mahusay, 4.21-5.00=Napakahusay

Samantala, ang Gramatika at Mekaniks ay may mean na 2.33 at *standard deviation* na 0.572, na may berbal na paglalarawang Nangangailangan ng Pagpapabuti. Nangangahulugan ito na mayroon pang mga kamalian sa paggamit ng gramatika, baybay, bantas, at iba pang mekaniks sa pagsulat na dapat pang mabigyang-pansin at maitama. Para naman sa Panghihikayat at Pangangatwiran, nakakuha ito ng *mean* na 2.40 at *standard deviation* na 0.643, na may berbal na paglalarawang Nangangailangan ng Pagpapabuti. Ipinahihiwatig nito na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbibigay ng matibay na argumento at panghihikayat sa mambabasa ay hindi pa sapat at nangangailangan pa ng masusing paglinang. Sa huling pamantayan na Estilo at Pagkamalikhain, nagtala ito ng *mean* na 2.42 at *standard deviation* na 0.619, na may berbal na paglalarawang Nangangailangan ng Pagpapabuti. Ipinakikita nito na kinakailangan pang paunlarin ng mga mag-aaral ang kanilang natatanging paraan ng pagpapahayag at pagiging malikhain sa pagsulat upang maging mas kawili-wili at epektibo ang kanilang mga sulatin.

Ang lahat ng pamantayan ay nakapagtala ng berbal na paglalarawang Nangangailangan ng Pagpapabuti, na nagpapakita na ang mga mag-aaral ay mayroon pang mga kasanayang dapat malinang sa iba't ibang aspeto ng pagsulat. Ipinahihiwatig ng mga resultang ito ang pangangailangan ng mas angkop at mas epektibong estratehiya sa pagtuturo upang higit na mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsulat. Napatunayan nina Gatcho at Ramos (2016) na maraming mag-aaral na Pilipino ang nakararanas ng kahirapan sa iba't ibang aspekto ng pagsulat, partikular sa organisasyon ng ideya, gramatika, at kabuuang kalidad ng sulatin. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na kinakailangan ng mga mag-aaral ang higit na pagsasanay at angkop na estratehiya upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsulat.

Binanggit nina Barrot at Gabinete (2021) na may mahalagang ugnayan ang kakayahan sa pagsulat at ang kakayahang magsuri, mag-organisa ng impormasyon, at gumamit ng ebidensiya. Natuklasan nila na ang mga mag-aaral na may kahinaan sa mga kasanayang ito ay karaniwang nakapagtatala rin ng mababang pagganap sa mga gawaing pagsulat. Napatunayan ni Barrot (2020) na ang epektibong pagsulat ay nangangailangan ng mataas na antas ng pagpoproseso ng impormasyon, organisasyon ng kaisipan, at paggamit ng mga estratehiyang pangwika. Ipinakita rin niya na ang kakulangan sa mga kasanayang ito ay nakaaapekto sa kalidad ng akademikong pagsulat ng mga mag-aaral. Ayon kina Barrot, Acomular, at Aranas (2021), ang kakayahan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat ay may kaugnayan sa kanilang kasanayan sa pagbuo ng argumento, paggamit ng ebidensiya, at organisasyon ng nilalaman. Natuklasan nila na ang mga kakulangang ito ay nagiging hadlang sa paglikha ng mataas na kalidad na sulatin. Pinatunayan nina Oducado, Sotelo, at Ramirez (2021) na ang patuloy na pagsasanay, paggabay ng guro, at paggamit ng angkop na estratehiya sa pagsulat ay nakatutulong sa pagpapabuti ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral, lalo na sa mga gawaing nangangailangan ng kritikal na pag-iisip at organisadong paglalahad ng ideya.

Sa kabuoan, ipinakikita ng mga kaugnay na pag-aaral na marami pa ring mag-aaral ang nakararanas ng mga suliranin sa iba't ibang aspekto ng pagsulat tulad ng organisasyon ng kaisipan, paggamit ng mga katibayan at datos,

wastong paggamit ng gramatika, at pagbuo ng malinaw na argumento. Ipinakita rin ng mga mananaliksik na ang kakulangan sa mga kasanayang ito ay maaaring makaapekto sa kalidad ng kanilang mga sulatin at akademikong pagganap. Ang mga natuklasang ito ay umaayon sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan ang mga respondenteng mag-aaral ay nakapagtala ng antas na *Nangangailangan ng Pagpapabuti* sa lahat ng pamantayang ginamit sa pagtataya. Dahil dito, pinagtitibay ng mga pag-aaral na mahalagang gumamit ng mga angkop at makabagong estratehiya sa pagtuturo upang higit na mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng persweysib.

3.2 Panghuling Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Persweysib na Sanaysay sa Filipino 9 gamit ang Guided Writing Method

Matapos maisagawa ang paggamit ng *Guided Writing Method* sa pagtuturo ng pagsulat ng persweysib na sanaysay, isinagawa ang panghuling pagganap upang matukoy ang antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral. Sinukat ang kanilang pagganap batay sa mga pamantayan ng nilalaman, organisasyon, gramatika at mekaniks, panghihikayat at pangangatwiran, at estilo at pagkamalikhain. Ang mga resultang nakalap ay nagsilbing batayan sa pagtataya ng antas ng kanilang kasanayan sa pagsulat matapos ang implementasyon ng *Guided Writing Method.*

Talahanayan 2

Panghuling Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Persweysib na Sanaysay sa Filipino 9 gamit ang Guided Writing Method

Pamantayan	*Mean*	*Standard Deviation*	*Verbal Description*
Nilalaman	4.20	0.546	Mahusay
Organisasyon	3.95	0.769	Mahusay
Gramatika at Mekaniks	4.03	0.882	Mahusay
Panghihikayat at Pangangatwiran	3.70	0.591	Mahusay
Estilo at Pagkamalikhain	3.80	0.732	Mahusay

Leyenda: 1.00-1.80=Hindi Katanggap-tanggap, 1.81-2.60=Nangangailangan ng Pagpapabuti, 2.61-3.40=Katamtaman, 3.41-4.20=Mahusay, 4.21-5.00=Napakahusay

Ipinakikita sa Talahanayan 2 ang antas ng panghuling pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa pagsulat ng persweysib na sanaysay batay sa mga pamantayang nilalaman, organisasyon, gramatika at mekaniks, panghihikayat at pangangatwiran, at estilo at pagkamalikhain matapos gamitin ang *Guided Writing Method*. Batay sa nakuhang mga mean, lahat ng pamantayan ay nakapagtala ng berbal na paglalarawang "Mahusay," na nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nagtataglay ng kasiya-siyang antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Makikita sa talahanayan na ang Nilalaman ang nakakuha ng pinakamataas na *mean* na 4.20 at *standard deviation* na 0.546, na may berbal na paglalarawang *Mahusay*. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay nakabuo ng malinaw, may kaugnayan, at makabuluhang mga ideya sa kanilang mga sanaysay. Ang mababang *standard deviation* ay nagpapakita rin ng pagkakatulad ng kanilang mga marka sa aspektong ito.

Sumunod dito ang Gramatika at Mekaniks na may *mean* na 4.03 at *standard deviation* na 0.882, na inilarawan ding *Mahusay.* Ipinakikita nito na karamihan sa mga mag-aaral ay nakagamit nang wasto ng mga tuntunin sa gramatika, baybay, at bantas. Bagama't mahusay ang kanilang pagganap, ang mas mataas na *standard deviation* ay nagpapakita ng bahagyang pagkakaiba-iba sa antas ng kanilang kasanayan. Sa Organisasyon, nakapagtala ito ng *mean* na 3.95 at standard deviation na 0.769, na may berbal na paglalarawang *Mahusay*. Nangangahulugan ito na naipakita ng mga mag-aaral ang kakayahang maglahad ng kanilang mga ideya sa isang maayos at lohikal na pagkakasunod-sunod mula panimula hanggang wakas. Samantala, ang Estilo at Pagkamalikhain ay nakakuha ng *mean* na 3.80 at *standard deviation* na 0.732, na nagpapakita rin ng antas na *Mahusay*. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay nakapagpahayag ng kanilang mga kaisipan sa malikhaing paraan at nakabuo ng mga sulating may sariling estilo at dating sa mambabasa.

Pinakamababa naman ang Panghihikayat at Pangangatwiran na may *mean* na 3.70 at *standard deviation* na 0.591, bagama't nananatili pa rin sa antas na "Mahusay." Ipinakikita nito na may kakayahan ang mga mag-aaral

na gumamit ng mga dahilan at argumento upang suportahan ang kanilang mga pananaw, subalit ito pa rin ang aspektong nangangailangan ng higit na pagpapaunlad upang maging mas matibay at mas kapani-paniwala ang kanilang mga pangangatwiran. Ang mga resulta ng panghuling pagganap ay nagpapakita na ang mga respondenteng mag-aaral ay nagtamo ng mahusay na antas ng kasanayan sa pagsulat ng persweysib na sanaysay matapos gamitin ang *Guided Writing Method*. Ipinahihiwatig nito na naging epektibo ang pamamaraang ito sa paggabay sa mga mag-aaral sa pagbuo ng nilalaman, pag-oorganisa ng mga ideya, wastong paggamit ng wika, at pagpapahayag ng kanilang mga argumento sa pagsulat.

Ayon kina Saradat et al. (2025), nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral matapos gamitin ang *Guided Writing at Journal Writing*. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang sistematikong paggabay sa bawat yugto ng pagsulat ay nakatutulong sa pagpapataas ng kalidad ng mga sulatin. Ang natuklasang ito ay umaayon sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral kung saan nagtamo ng antas na *Mahusay* ang mga mag-aaral sa mga pamantayang ginamit sa pagsulat ng persweysib na sanaysay. Sa pag-aaral nina Caigas et al. (2024), natuklasan na ang paggamit ng mga makabagong dulog sa pagtuturo ng pagsulat ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng akademikong pagsulat ng mga mag-aaral. Ipinakita rin nila na ang sistematikong pagsasanay at paggabay ay nakapagpapahusay sa organisasyon ng mga ideya at kabuuang kalidad ng sulatin. Ang kanilang natuklasan ay sumusuporta sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpakita ng mahusay na antas ng organisasyon at nilalaman sa pagsulat ng persweysib na sanaysay.

Ipinakita rin ni Sialongo (2025) na ang mataas na antas ng kakayahan sa paggamit ng wikang Filipino ay may tuwirang kaugnayan sa mahusay na pagganap sa pagsulat. Ang resulta ng kanyang pag-aaral ay umaayon sa natuklasan ng kasalukuyang pananaliksik kung saan nagtamo ng mataas na antas ang mga mag-aaral sa pamantayang gramatika at mekaniks. Samantala, natuklasan nina Guzman et al. (2025) na ang mga mag-aaral na may sapat na pagsasanay at karanasan sa pagsulat ay nagpapakita ng higit na kahusayan sa pagbuo, pagpapalawak, at pagpapahayag ng mga ideya. Ang kanilang natuklasan ay sumusuporta sa resulta ng pag-aaral na nagpapakita ng mahusay na antas ng nilalaman at estilo at pagkamalikhain ng mga mag-aaral sa pagsulat ng persweysib na sanaysay.

Sa kabuoan, ang mga nabanggit na pag-aaral ay nagkakaisang nagpapakita na ang paggamit ng sistematikong paggabay, makabagong estratehiya, at mga angkop na interbensyon sa pagtuturo ay may mahalagang papel sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasang ito ay nagpapatibay sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpapakitang nagtamo ang mga mag-aaral ng antas na “Mahusay” sa lahat ng pamantayan ng pagsulat ng persweysib na sanaysay, kabilang ang nilalaman, organisasyon, gramatika at mekaniks, panghihikayat at pangangatwiran, at estilo at pagkamalikhain. Ipinahihiwatig nito na naging mabisa ang isinagawang interbensyon sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagsulat ng persweysib na sanaysay.

3.3 Pagkakaiba sa Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pauna at Panghuling Pagganap sa Pagsulat ng Sanaysay sa Filipino 9

Matapos matukoy ang antas ng pauna at panghuling pagganap ng mga respondenteng mag-aaral, sinuri kung may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang performans bago at pagkatapos gamitin ang *Guided Writing Method*. Isinagawa ang pagsusuring ito upang matiyak kung ang mga pagbabagong naitala sa kanilang kasanayan sa pagsulat ng persweysib na sanaysay ay bunga ng implementasyon ng nasabing pamamaraan.

Ipinakikita sa Talahanayan 3 ang pagsusuri sa makabuluhang pagkakaiba ng pauna at panghuling pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa pagsulat ng persweysib na sanaysay batay sa limang pamantayan: nilalaman, organisasyon, gramatika at mekaniks, panghihikayat at pangangatwiran, at estilo at pagkamalikhain. Ginamit ang *Paired Samples t-test* upang matukoy kung may makabuluhang pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang *Guided Writing Method*. Makikita sa talahanayan na ang Nilalaman ay nagtala ng *t-value* na 16.8 at *p-value* na < .001. Dahil ang p-value ay mas mababa sa itinakdang antas ng kahalagahan na 0.05, tinanggihan ang *null hypothesis* at itinuring na may makabuluhang pagkakaiba ang pauna at panghuling pagganap

ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na nagkaroon ng malaking pag-unlad sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo at pagpapalawak ng mga ideya matapos gamitin ang *Guided Writing Method.*

Talahanayan 3

Pagkakaiba sa Pagganap ng mga Mag-aaral sa Pauna at Panghuling Pagganap sa Pagsulat ng Sanaysay sa Filipino 9

Pamantayan	*statistic*	*df*	*P*	*Decision*	*Interpretation*
Nilalaman	16.8	59.0	<.001	*Reject* H_o	*Significant*
Organisasyon	14.7	59.0	<.001	*Reject* H_o	*Significant*
Gramatika at mekaniks	11.9	59.0	<.001	*Reject* H_o	*Significant*
Panghihikayat at Pangangatwiran	11.9	59.0	<.001	*Reject* H_o	*Significant*
Estilo at Pagkamalikhain	10.6	59.0	<.001	*Reject* H_o	*Significant*

Sa Organisasyon, nakapagtala ito ng *t-value* na 14.7 at *p-value* na < .001, na nagpapakita rin ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap. Nangangahulugan ito na mas naging maayos at mas lohikal ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa kanilang mga sanaysay matapos ang implementasyon ng *Guided Writing Method*. Samantala, ang Gramatika at Mekaniks ay nagtamo ng *t-value* na 11.9 at *p-value* na < .001. Dahil dito, tinanggihan din ang null hypothesis at kinilalang may makabuluhang pagbabago sa pagganap ng mga mag-aaral. Ipinakikita nito na naging mas mahusay ang kanilang paggamit ng gramatika, baybay, at bantas sa pagsulat ng sanaysay matapos silang mabigyan ng sistematikong paggabay sa proseso ng pagsulat. Gayon din sa Panghihikayat at Pangangatwiran, na nagtala ng *t-value* na 11.9 at *p-value* na < .001. Ang resulta ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Ipinahihiwatig nito na higit na nahasa ang kanilang kakayahang maglahad ng mga makatwiran at kapani-paniwalang argumento upang suportahan ang kanilang paninindigan sa persweysib na sanaysay.

Sa Estilo at Pagkamalikhain, nakakuha ito ng *t-value* na 10.6 at *p-value* na < .001, na nagpapakita rin ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap. Nangangahulugan ito na naging mas malinaw, mas kawili-wili, at mas malikhaing naipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mga ideya matapos gamitin ang *Guided Writing Method*. Ang lahat ng pamantayan ay nagtamo ng *p-value* na mas mababa sa 0.05 at may desisyong *Reject* H_o, na nagpapahiwatig na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap ng mga respondenteng mag-aaral. Ipinakikita ng resulta na naging mabisa ang *Guided Writing Method* sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng persweysib na sanaysay. Ang mataas na mga *t-value* at napakababang *p-value* ay nagsisilbing matibay na ebidensya na ang mga pagbabagong naitala sa kanilang pagganap ay hindi lamang bunga ng pagkakataon kundi resulta ng epektibong implementasyon ng *Guided Writing Method*.

Samakatuwid, maaaring ipalagay na ang *Guided Writing Method* ay isang epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat sapagkat nakapagbigay ito ng positibong epekto sa iba't ibang aspekto ng pagsulat, kabilang ang nilalaman, organisasyon, gramatika at mekaniks, panghihikayat at pangangatwiran, at estilo at pagkamalikhain. Ang natuklasan sa pag-aaral na ito na nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba sa pauna at panghuling pagganap ng mga mag-aaral sa aspeto ng nilalaman ay pinagtibay ng pag-aaral nina Saradat et al. (2025), na nagsuri sa bisa ng *Guided Writing at Journal Writing* sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat. Natuklasan nila na ang sistematikong paggabay ng guro sa bawat yugto ng pagsulat ay nakatutulong sa pagpapalawak ng ideya at paglinang ng mas makabuluhang nilalaman sa sulatin. Katulad ng kasalukuyang pag-aaral, napatunayan nilang mas nagiging malinaw at mas organisado ang paglalahad ng mga kaisipan ng mga mag-aaral kapag sila ay binibigyan ng angkop na gabay sa proseso ng pagsulat.

Sinusuportahan din ng pag-aaral ni Castillo (2025) ang resulta ng kasalukuyang pananaliksik, partikular sa mga aspektong nilalaman, organisasyon, gramatika, at mekaniks. Ayon sa kanyang pag-aaral, ang paggamit ng mga gawaing nakabatay sa *guided writing* ay nakatutulong sa paghubog ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng makabuluhang ideya at sa maayos na pag-aayos ng mga ito sa isang sulatin. Ipinakita rin ng kanyang pananaliksik na ang pagkakaroon ng malinaw na balangkas at gabay mula sa guro ay nagbubunga ng mas mataas. Sa aspekto naman ng panghihikayat at pangangatwiran, maaaring iugnay ang resulta sa pag-aaral nina Saavedra

at Barredo (2020), na nagsabing mahalagang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng ideya at paggamit ng sapat na ebidensya upang maging mabisa ang kanilang pagsulat. Ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang kakulangan sa organisasyon ng ideya at limitadong kasanayan sa pagpapahayag ay nagiging hadlang sa pagbuo ng epektibong sulatin. Sa pamamagitan ng *Guided Writing Method*, nagkaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong malinang ang kanilang kakayahan sa pagbuo ng mga lohikal.

Sa kabuoan, ang mga resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay pinagtitibay ng mga naunang pananaliksik na nagpapakita ng kahalagahan ng sistematiko at may gabay na proseso ng pagsulat sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ang makabuluhang pagtaas ng marka sa nilalaman, organisasyon, gramatika at mekaniks, panghihikayat at pangangatwiran, at estilo at pagkamalikhain ay nagpapakita na ang *Guided Writing Method* ay isang mabisang estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat. Dahil dito, maaaring isaalang-alang ang paggamit ng estratehiyang ito bilang isang epektibong pamamaraan upang higit pang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng persweysib na sanaysay. Ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang *Guided Writing Method* ay isang epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat ng persweysib na sanaysay. Ang makabuluhang pag-unlad na naitala sa lahat ng pamantayan ay nagpapatunay na ang paggamit ng pamamaraang ito ay maaaring makatulong sa pagpapataas ng antas ng kasanayan sa pagsulat at sa pagpapabuti ng kabuuang pagganap ng mga mag-aaral.

3.4 Karanasan ng mga Mag-aaral sa Guided Writing Method sa Pagsulat ng Persweysib na Sanaysay

Matapos maisagawa ang *Guided Writing Method* sa pagtuturo ng pagsulat ng persweysib na sanaysay, mahalagang matukoy ang naging karanasan ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng nasabing pamamaraan. Sinuri ang kanilang mga pananaw upang malaman kung paano nakaimpluwensiya ang sistematiko at may gabay na proseso ng pagsulat sa kanilang pagkatuto at paglinang ng kasanayan sa pagsulat.

Talahanayan 4
Karanasan ng mga Mag-aaral sa Guided Writing Method sa Pagsulat ng Persweysib na Sanaysay

Mga Pahayag	*Mean*	*Standard Deviation*	*Verbal Description*
Naging madali para sa akin ang pagsulat ng sanaysay dahil sa paggamit ng *Guided Writing Method.*	3.95	0.699	Mahusay
Nakatulong ang mga gabay at direksiyong ibinigay ng guro upang maisagawa ko nang maayos ang pagsulat ng sanaysay.	3.60	0.616	Mahusay
Naging kapaki-pakinabang para sa akin ang mga gabay na tanong sa pagbuo at pagpapalawak ng aking mga ideya.	4.38	0.613	Napamahusay
Mas naging malinaw sa akin ang bawat hakbang sa pagsulat dahil sa paggamit ng *Guided Writing Method*.	3.55	0.675	Mahusay
Nagkaroon ako ng mas positibong karanasan sa pagsulat ng sanaysay dahil sa *Guided Writing Method.*	3.95	0.594	Mahusay

Leyenda: 1.00-1.80=Hindi Katanggap-tanggap, 1.81-2.60=Nangangailangan ng Pagpapabuti, 2.61-3.40=Katamtaman, 3.41-4.20=Mahusay, 4.21-5.00=Napakahusay

Ipinakita sa talahanayan 4 ang saloobin at karanasan ng mga respondenteng mag-aaral matapos gamitin ang *Guided Writing Method* sa pagsulat ng sanaysay. Batay sa mga nakalap na datos, lahat ng limang pahayag ay nakapagtala ng positibong resulta, na may *mean* na mula 3.55 hanggang 4.38. Ipinahihiwatig nito na naging kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral ang paggamit ng malinaw na gabay, direksiyon, at mga gabay na tanong sa proseso ng pagsulat. Sa pahayag na *Naging madali para sa akin ang pagsulat ng sanaysay dahil sa paggamit ng Guided Writing Method*, nakakuha ito ng *mean* na 3.95 at *standard deviation* na 0.699, na may berbal na paglalarawang Mahusay. Ipinahihiwatig nito na nakatulong ang *Guided Writing Method* upang maging mas madali para sa mga mag-aaral ang pagsasagawa ng proseso ng pagsulat. Ang sistematikong paggabay ay maaaring nakatulong sa kanila upang magkaroon ng malinaw na direksiyon habang binubuo ang kanilang sanaysay. Ang *standard deviation* na 0.699 ay nagpapakita na magkakalapit ang mga tugon ng mga respondenteng mag-aaral hinggil sa kanilang karanasan.

Sa pahayag na *Nakatulong ang mga gabay at direksiyong ibinigay ng guro upang maisagawa ko nang maayos ang pagsulat ng sanaysay*, nakapagtala ito ng *mean* na 3.60 at *standard deviation* na 0.616, na may berbal na

paglalarawang Mahusay. Ipinahihiwatig nito na naging mahalaga sa mga mag-aaral ang malinaw na paggabay at direksiyong ibinigay ng guro habang isinasagawa ang mga gawain sa pagsulat. Ipinakikita rin nito na ang paggabay ng guro ay nakatulong sa mga mag-aaral upang masundan at maisagawa nang maayos ang mga kinakailangang hakbang sa pagsulat ng sanaysay. Samantala, ang pahayag na *Naging kapaki-pakinabang para sa akin ang mga gabay na tanong sa pagbuo at pagpapalawak ng aking mga ideya*, ang nakakuha ng pinakamataas na *mean* na 4.38 at *standard deviation* na 0.613, na may berbal na paglalarawang Napakahusay. Ipinahihiwatig nito na higit na nakatulong sa mga mag-aaral ang paggamit ng mga gabay na tanong sa pagbuo at pagpapalawak ng kanilang mga ideya. Ang resulta ay nagpapakita na ang mga tanong na nagsisilbing gabay ay nakatulong upang mapukaw at mapaunlad ang kanilang pag-iisip bago at habang isinusulat ang sanaysay. Ang *standard deviation* na 0.613 ay nagpapakita na magkakalapit ang naging tugon ng mga mag-aaral tungkol sa kapakinabangan ng mga gabay na tanong.

Sa pahayag na *Mas naging malinaw sa akin ang bawat hakbang sa pagsulat dahil sa paggamit ng Guided Writing Method*, nakakuha ito ng *mean* na 3.55 at *standard deviation* na 0.675, na may berbal na paglalarawang Mahusay. Ipinahihiwatig nito na nakatulong ang *Guided Writing Method* upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang bawat hakbang na kanilang kailangang isagawa sa pagsulat ng sanaysay. Bagama't ito ang may pinakamababang *mean* sa limang pahayag, nananatili itong nasa antas na Mahusay, kaya ipinakikita pa rin ng resulta na positibo ang naging karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng pamamaraan. Sa huling pahayag na *Nagkaroon ako ng mas positibong karanasan sa pagsulat ng sanaysay dahil sa Guided Writing Method*, nakapagtala ito ng *mean* na 3.95 at *standard deviation* na 0.594, na may berbal na paglalarawang Mahusay. Ipinahihiwatig nito na nakatulong ang paggamit ng *Guided Writing Method* upang maging mas positibo ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Ang *standard deviation* na 0.594, na pinakamababa sa limang pahayag, ay nagpapakita na higit na magkakalapit ang mga tugon ng mga respondenteng mag-aaral hinggil sa kanilang positibong karanasan sa paggamit ng pamamaraan.

Ipinahihiwatig ng mga datos na positibo ang saloobin at karanasan ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng *Guided Writing Method*. Ang lahat ng pahayag ay nakapagtala ng berbal na paglalarawang Mahusay, habang ang pahayag tungkol sa paggamit ng mga gabay na tanong sa pagbuo at pagpapalawak ng ideya ang nakakuha ng pinakamataas na *mean* na 4.38 at berbal na paglalarawang Napakahusay. Ipinakikita nito na ang malinaw na paggabay ng guro, paggamit ng mga gabay na tanong, at sistematikong mga hakbang sa pagsulat ay nakatulong sa mga mag-aaral upang maging mas madali, malinaw, at positibo ang kanilang karanasan sa pagsulat ng sanaysay. Natuklasan nina Saradat et al. (2025) na ang paggamit ng *Guided Writing* ay nakatutulong sa mga mag-aaral na makabuo ng mga ideya at maisaayos ang kanilang mga kaisipan sa pagsulat. Ipinakita rin ng kanilang pag-aaral na ang sistematikong paggabay sa bawat yugto ng pagsulat ay nagdudulot ng mas mataas na kalidad ng mga sulatin at higit na kumpiyansa sa pagpapahayag ng mga ideya. Ang natuklasang ito ay umaayon sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpapakitang lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral na nakatutulong ang estratehiyang ginamit upang mas madali silang makabuo ng mga ideya sa pagsulat ng sanaysay.

Kasunod nito, ipinakita nina Espiritu at Acerit (2024) na ang paggamit ng mga estratehiya sa akademikong pagsulat ay nakatutulong upang malinaw na maipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mga saloobin, opinyon, at ideya. Natuklasan din nila na ang paggabay ng guro at paggamit ng mga organisadong gawain sa pagsulat ay nagbubunga ng mas malinaw at mas organisadong mga sulatin. Ang kanilang natuklasan ay sumusuporta sa resulta ng pag-aaral na nagpapakitang mas malinaw na naipahahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mga kaisipan dahil sa gabay ng *Guided Writing Method*. Samantala, natuklasan nina Aragon at Balallo (2023) na ang mga gawaing nagbibigay ng malinaw na direksiyon at gabay sa mga mag-aaral ay nakatutulong sa pagpapayaman ng nilalaman at pagpapalawak ng mga ideyang inilalahad sa sanaysay. Ang resulta ng kanilang pag-aaral ay kaugnay ng natuklasan sa kasalukuyang pananaliksik kung saan lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral na nakatutulong ang mga gabay na tanong upang mapalawak ang kanilang mga ideya sa pagsulat.

Sa kabuoan, ipinakita ng mga pag-aaral na nabanggit, ang sistematikong paggabay, malinaw na mga hakbang sa pagsulat, at paggamit ng mga gabay na gawain ay nakatutulong sa pagbuo at pagpapalawak ng ideya,

pagpapalinaw ng pagpapahayag, pagpapalalim ng pag-iisip, at pagpapahusay ng kalidad ng mga sulatin. Ang mga natuklasang ito ay nagpapatibay sa resulta ng kasalukuyang pag-aaral na nagpapakitang lubos na sumasang-ayon ang mga respondenteng mag-aaral sa pagiging mabisa ng *Guided Writing Method* sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagsulat ng persweysib na sanaysay. Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na positibo ang naging pagtanggap at karanasan ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng *Guided Writing Method* sa pagsulat ng sanaysay. Ang mataas na antas ng pagsang-ayon sa lahat ng pahayag ay nagpapakita na ang pamamaraang ito ay nakatulong upang maging mas madali, mas malinaw, at mas organisado ang proseso ng pagsulat.

Ipinahihiwatig din ng mga resulta na ang paggamit ng mga gabay na tanong, malinaw na direksiyon, at sistematikong mga hakbang sa pagsulat ay nakatutulong sa pagbuo at pagpapalawak ng mga ideya ng mga mag-aaral. Dahil dito, nagkaroon sila ng higit na kumpiyansa sa pagpapahayag ng kanilang mga kaisipan at naging mas aktibo sa pagsasagawa ng mga gawaing may kaugnayan sa pagsulat. Higit pa rito, ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang *Guided Writing Method* ay hindi lamang nakapagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat kundi nakalilinang din ng positibong saloobin ng mga mag-aaral sa proseso ng pagsulat. Ang pagkakaroon ng positibong karanasan sa pagsulat ay mahalagang salik upang mahikayat silang makilahok at magsikap sa mga gawaing akademiko na nangangailangan ng mahusay na kasanayan sa pagsulat. Ipinahihiwatig nito na ang positibong karanasan sa pagsulat ay maaaring makatulong sa pagpapanatili ng kanilang interes at aktibong pakikilahok sa mga gawaing pasulat.

Sa kabuoan, ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang *Guided Writing Method* ay maaaring makatulong sa pagtuturo ng pagsulat, partikular sa pagpapadali ng proseso ng pagsulat, pagpapalawak ng mga ideya, at paghubog ng positibong karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Gayunman, hindi maaaring ipalagay batay lamang sa mga resulta na ito ang ganap na pagtaas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sapagkat hindi ito direktang sinukat bilang hiwalay na baryabol sa pag-aaral. Samakatuwid, ang positibong tugon ng mga mag-aaral ay higit na nagpapakita ng kanilang mabuting karanasan at pananaw sa paggamit ng pamamaraan kaysa sa direktang pagpapatunay ng pagtaas ng kanilang kumpiyansa. Ipinahihiwatig nito na ang positibong karanasan ng mga mag-aaral ay maaaring maging salik na sumusuporta sa kanilang aktibong pakikilahok at pagkatuto sa proseso ng pagsulat.

3.5 Saloobin ng mga Mag-aaral sa Guided Writing Method sa Pagsulat ng Persweysib na Sanaysay

Inilalahad sa bahaging ito ang saloobin ng mga respondenteng mag-aaral sa pagsulat ng persweysib na sanaysay sa Filipino 9.

Talahanayan 5
Saloobin ng mga Mag-aaral sa Guided Writing Method sa Pagsulat ng Persweysib na Sanaysay

Mga Pahayag	*Mean*	*Standard Deviation*	*Verbal Description*
Nakatutulong ang *Guided Writing Method* upang mas madali akong makabuo ng ideya sa pagsulat ng sanaysay.	4.07	0.880	Mahusay
Mas malinaw kong naipapahayag ang aking mga kaisipan dahil sa gabay ng pamamaraang ito.	4.10	0.543	Mahusay
Nakatutulong ang mga gabay na tanong upang mapalawak ang aking ideya sa pagsulat.	3.98	0.833	Mahusay
Mas nagiging malinaw sa akin ang paksa ng sanaysay dahil sa mga hakbang ng *Guided Writing Method.*	4.05	0.832	Mahusay
Nakatutulong ang paraang ito upang mas mapalalim ang aking pag-iisip sa pagsulat ng sanaysay.	4.08	0.787	Mahusay

Leyenda: 1.00-1.80=Hindi Katanggap-tanggap, 1.81-2.60=Nangangailangan ng Pagpapabuti, 2.61- 3.40=Katamtaman, 3.41-4.20=Mahusay, 4.21-5.00=Napakahusay

Batay sa Talahanayan 5, makikita na positibo ang naging karanasan ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng *Guided Writing Method* sa pagsulat ng sanaysay. Lahat ng limang pahayag ay nakapagtala ng *verbal description* na Mahusay, na nagpapakita na nakatulong ang pamamaraan sa iba't ibang bahagi ng proseso ng pagsulat. Ang mga *mean* ay mula 3.98 hanggang 4.10, samantalang ang *standard deviation* ay mula 0.543

hanggang 0.880. Ipinahihiwatig nito na naging kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral ang mga gabay at hakbang na ginamit sa pagsulat. Sa unang pahayag na *Nakatutulong ang Guided Writing Method upang mas madali akong makabuo ng ideya sa pagsulat ng sanaysay*, nakakuha ito ng *mean* na 4.07 at *standard deviation* na 0.880, na may *verbal description* na Mahusay. Ipinahihiwatig nito na nakatulong ang pamamaraan sa mga mag-aaral sa pagsisimula ng kanilang pagsulat, partikular sa pagbuo ng mga ideyang maaaring gamitin sa sanaysay. Ang resulta ay nagpapakita na ang pagkakaroon ng malinaw na gabay sa proseso ng pagsulat ay maaaring makatulong upang mas maging sistematiko ang pagbuo ng mga kaisipan ng mga mag-aaral.

Sa ikalawang pahayag na *Mas malinaw kong naipapahayag ang aking mga kaisipan dahil sa gabay ng pamamaraang ito*, nakapagtala ito ng pinakamataas na *mean* na 4.10 at *standard deviation* na 0.543, na may *verbal description* na Mahusay. Ipinahihiwatig nito na higit na naging malinaw para sa mga mag-aaral ang pagpapahayag ng kanilang mga kaisipan sa tulong ng *Guided Writing Method*. Ang mababang *standard deviation* ay nagpapakita na ang mga tugon ng mga mag-aaral ay mas magkakalapit, kaya nagpapahiwatig na medyo magkakatulad ang kanilang naging karanasan hinggil sa kalinawan ng pagpapahayag ng kanilang mga ideya. Sa ikatlong pahayag na *Nakatutulong ang mga gabay na tanong upang mapalawak ang aking ideya sa pagsulat*, nakakuha ito ng *mean* na 3.98 at *standard deviation* na 0.833, na may *verbal description* na Mahusay. Ipinahihiwatig nito na ang paggamit ng mga gabay na tanong ay nakatulong sa mga mag-aaral upang higit na mapaunlad at mapalawak ang kanilang mga ideya. Sa pamamagitan ng mga tanong, nagkaroon sila ng direksiyon sa pag-iisip tungkol sa mga dahilan, halimbawa, at iba pang impormasyong maaaring isama sa kanilang sanaysay.

Sa ikaapat na pahayag na *Mas nagiging malinaw sa akin ang paksa ng sanaysay dahil sa mga hakbang ng Guided Writing Method*, nakapagtala ito ng *mean* na 4.05 at *standard deviation* na 0.832, na may *verbal description* na Mahusay. Ipinahihiwatig nito na nakatulong ang sunod-sunod na hakbang ng pamamaraan upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang paksang kanilang sinusulatan. Ang pagkakaroon ng malinaw na proseso ay maaaring nakatulong upang mabawasan ang kalituhan sa pagtukoy kung ano ang dapat talakayin at kung paano ito dapat ilahad sa sanaysay. Sa ikalimang pahayag na *Nakatutulong ang paraang ito upang mas mapalalim ang aking pag-iisip sa pagsulat ng sanaysay*, nakakuha ito ng *mean* na 4.08 at *standard deviation* na 0.787, na may *verbal description* na Mahusay. Ipinahihiwatig nito na nakatulong ang *Guided Writing Method* sa mas malalim na pagbuo at pagsusuri ng mga ideya ng mga mag-aaral habang nagsusulat. Ipinakikita rin ng resulta na ang mga gabay na ibinigay sa proseso ng pagsulat ay maaaring nakatulong sa mga mag-aaral upang higit na mapag-isipan ang kanilang mga argumento at paraan ng pagpapahayag. Ang lahat ng pahayag ay nakakuha ng *verbal description* na Mahusay, na may mga *mean* na 3.98–4.10. Pinakamataas ang *mean* sa pahayag na may kinalaman sa mas malinaw na pagpapahayag ng mga kaisipan (M=4.10), samantalang pinakamababa naman ang *mean* sa paggamit ng mga gabay na tanong upang mapalawak ang ideya (M=3.98). Gayunpaman, kapwa nananatili sa antas na Mahusay ang mga ito.

Ipinahihiwatig ng mga resulta na ang *Guided Writing Method* ay nakatulong sa mga mag-aaral sa pagbuo ng ideya, malinaw na pagpapahayag ng kaisipan, pagpapalawak ng ideya, pag-unawa sa paksa, at pagpapalalim ng pag-iisip sa pagsulat ng sanaysay. Ang mga *standard deviation* na nasa pagitan ng 0.543 at 0.880 ay nagpapakita rin ng pagkakaiba-iba sa mga tugon ng mga mag-aaral, ngunit hindi nito binabago ang pangkalahatang positibong pagtataya sa kanilang karanasan sa paggamit ng pamamaraan. Sa kabuuan, ipinahihiwatig nito na naging kapaki-pakinabang ang pagkakaroon ng malinaw na gabay, mga hakbang, at gabay na tanong sa proseso ng pagsulat ng sanaysay na persweysib. Ang resulta naman hinggil sa pagpapalalim ng pag-iisip ng mga mag-aaral ay umaayon sa natuklasan nina Gabuay-Vega (2025) sa kanilang pag-aaral tungkol sa *Process-Based Approach in Academic Writing*. Ayon sa kanilang pananaliksik, ang mga gawaing nakatuon sa pagpaplano, pagrerebisa, at paglinang ng sulatin ay nagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa at kritikal na pag-iisip sa mga mag-aaral. Dahil dito, higit nilang nasusuri at napauunlad ang kanilang mga ideya habang sumusulat.

Samantala, ang positibong resulta sa pagbuo ng ideya ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Buan at Balagtas (2023) na may pamagat na *Antas sa Kahusayan at Hamon sa Pagsulat ng Sanaysay sa Wikang Filipino*. Natuklasan nila na ang paggamit ng mga estratehiyang nagbibigay ng gabay at direksiyon ay nakatutulong upang mas mapadali

ang pagbuo at pagpapalawak ng mga ideya sa pagsulat ng sanaysay. Ipinakikita nito na ang paggabay ng guro ay mahalagang salik upang maging mas produktibo at mas makabuluhan ang proseso ng pagsulat. Sa kabuoan, ang mga resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay umaayon sa mga naunang pananaliksik na nagpapakita na ang *Guided Writing Method* at iba pang katulad na estratehiya sa pagsulat ay nakatutulong sa pagbuo ng ideya, malinaw na pagpapahayag ng kaisipan, pagpapalalim ng pag-iisip, at pag-unawa sa paksa. Dahil dito, higit na napagtitibay na ang *Guided Writing Method* ay isang mabisang estratehiya sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral.

Mahalaga rin ang implikasyon ng resulta sa larangan ng pagtuturo. Ipinahihiwatig ng pag-aaral na dapat higit na bigyang-pansin ng mga guro ang paggamit ng mga estratehiyang may sapat na paggabay sa mga mag-aaral, lalo na sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay. Sa halip na agad na pagawain ng malayang pagsulat ang mga mag-aaral, mas makababuting dumaan muna sila sa mga gawaing nagbibigay ng malinaw na direksiyon, halimbawa, at gabay upang maging mas matagumpay ang kanilang pagkatuto. Para naman sa mga tagapamahala ng paaralan at mga tagapagbalangkas ng kurikulum, ipinahihiwatig ng resulta na maaaring isama o higit pang palakasin ang paggamit ng *Guided Writing Method* sa mga programang pangwika at pampanitikan. Ang positibong karanasan ng mga mag-aaral ay nagpapakita na ang estratehiyang ito ay maaaring maging mahalagang bahagi ng mga interbensiyong naglalayong mapataas ang antas ng kasanayan sa pagsulat. Higit pa rito, maaari itong magsilbing batayan sa pagbuo ng mga *instructional materials*, mga programang pampagkatuto, at mga pagsasanay para sa mga guro upang higit na mapahusay ang kanilang mga estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat.

Sa kabuoan, ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang *Guided Writing Method* ay isang epektibo, sistematiko, at makabuluhang estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat ng persweysib na sanaysay. Ipinakita ng mga resulta na ang pamamaraang ito ay nakatutulong hindi lamang sa pagpapadali ng pagbuo at pag-oorganisa ng mga ideya kundi maging sa pagpapalinaw ng pagpapahayag, pagpapalakas ng panghihikayat at pangangatwiran, at wastong paggamit ng gramatika at mekaniks sa pagsulat. Higit pa rito, napatunayan na ang tuloy-tuloy na paggabay ng guro sa bawat yugto ng proseso ng pagsulat ay nagiging daan upang higit na malinang ang kritikal na pag-iisip, pagkamalikhain, at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang sariling pananaw. Ipinahihiwatig din ng mga natuklasan na ang paggamit ng *Guided Writing Method* ay nagbubunga ng positibong karanasan sa pagkatuto, sapagkat nagiging mas malinaw sa mga mag-aaral ang bawat hakbang sa pagsulat at mas nagiging makabuluhan ang kanilang pakikilahok sa proseso ng pagkatuto.

Sa huli, ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang patuloy na paggamit ng *Guided Writing Method*, kasama ang angkop na mga kagamitang pampagtuturo tulad ng mga gabay na tanong at *Guided Writing-Based Worksheets*, ay maaaring makatulong sa pagbibigay ng mas organisado at makabuluhang karanasan sa pagsulat. Maaari rin itong magsilbing batayan ng mga guro sa pagbuo ng mga gawaing nakatuon sa mga partikular na kakulangan ng mga mag-aaral sa nilalaman, organisasyon, gramatika at mekaniks, panghihikayat at pangangatwiran, at estilo at pagkamalikhain. Sa gayon, higit na nagiging nakatuon at sistematiko ang pagtuturo ng pagsulat ng persweysib na sanaysay at mas mapapaunlad ang kanilang kaalaman sa iba pang paraan ng akademikong pagsulat.

4. Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, nangangailangan pa ng pagpapabuti ang paunang paaganap ng mga respondenteng mag-aaral sa pagsulat ng persweysib na sanaysay. Ipinakikita nito na nahihirapan pa sila sa pagbuo at pag-oorganisa ng mga ideya, wastong paggamit ng gramatika at mekaniks, pagbuo ng mga argumentong nakahihikayat, at malikhaing pagpapahayag ng kanilang mga kaisipan. Dahil dito, kinakailangan ang higit na paggabay at angkop na interbensiyon upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsulat. Matapos gamitin ang *Guided Writing Method*, naging Mahusay ang pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa lahat ng pamantayan ng pagsulat ng persweysib na sanaysay. Ipinakikita nito na nakatulong ang pamamaraan sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa nilalaman, organisasyon, gramatika at mekaniks, panghihikayat at pangangatwiran, at estilo at pagkamalikhain. Natuklasan na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagganap ng mga respondenteng mag-aaral. Dahil dito, tinanggihan ang *null hypothesis*. Ipinakikita nito na nagkaroon ng

makabuluhang pagbabago sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng persweysib na sanaysay matapos gamitin ang *Guided Writing Method*. Natuklasan din na positibo ang naging karanasan ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng *Guided Writing Method*. Ipinakikita nito na nakatulong ang sistematikong paggabay, mga gabay na tanong, at mga hakbang sa pagsulat sa pagbuo at pagpapalawak ng kanilang mga ideya at sa pagpapadali ng proseso ng pagsulat. Gayundin, positibo ang pananaw ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng *Guided Writing Method* sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagsulat. Ipinakikita nito na nakatulong ang gabay ng pamamaraan upang maging mas malinaw ang kanilang pagpapahayag at mas maayos ang kanilang pagsasagawa ng proseso ng pagsulat.

Sa kabuoan, natuklasan na ang *Guided Writing Method* ay nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng persweysib na sanaysay. Ipinahihiwatig nito na ang sistematiko at may gabay na proseso ng pagsulat ay maaaring maging angkop na estratehiya sa paglinang ng kanilang kakayahan sa nilalaman, organisasyon, gramatika at mekaniks, panghihikayat at pangangatwiran, at estilo at pagkamalikhain. Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, napag-alaman na ang *Guided Writing Method* ay isang mabisa at epektibong estratehiya sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng persweysib na sanaysay ng mga mag-aaral. Ipinakita ng resulta na bago gamitin ang nasabing pamamaraan, ang mga mag-aaral ay nangangailangan pa ng pagpapabuti sa mga aspektong nilalaman, organisasyon, gramatika at mekaniks, panghihikayat at pangangatwiran, at estilo at pagkamalikhain. Subalit matapos ang implementasyon ng *Guided Writing Method*, nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa kanilang pagganap sa lahat ng pamantayan, na pinatunayan ng resulta ng estadistikal na pagsusuri. Higit pa rito, nagpakita rin ang mga mag-aaral ng positibong saloobin at karanasan sa paggamit ng nasabing pamamaraan sapagkat nakatulong ito sa pagpapadali ng proseso ng pagsulat, pagpapalawak ng mga ideya, pagpapalinaw ng pagpapahayag, at pagpapalalim ng kanilang pag-iisip.

Batay sa mga natuklasan at kongklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ang sumusunod:

- Paigtingin ang pagtuturo ng mga kasanayan sa nilalaman, organisasyon, gramatika at mekaniks, panghihikayat at pangangatwiran, at estilo at pagkamalikhain sa pamamagitan ng mga gawaing nakatuon sa bawat pamantayan upang higit na mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay.

- Ipagpatuloy at palawakin ang paggamit ng *Guided Writing Method* sa pagtuturo ng pagsulat ng sanaysay at iba pang uri ng sulatin upang mapanatili at higit pang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat.

- Gamitin ang *Guided Writing Method* bilang isa sa mga pangunahing estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat sapagkat napatunayang nakatutulong ito sa pagpapahusay ng pagganap ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspekto ng pagsulat.

- Magdisenyo ng mga gawaing pampagsulat na may malinaw na gabay, mga gabay na tanong, at iba pang interaktibong gawain upang mapanatili ang interes, motibasyon, at positibong saloobin ng mga mag-aaral sa pagsulat.

- Inirerekomendang gamitin ang Guide Writing Based Worksheet sa pagpapaunlad at pagpapayaman ng kaalaman sa pagsulat ng Persweysib na Sanaysay.

AI Use Disclosure - Sa pagsasakatuparan ng pananaliksik na ito, ginamit ng may-akda ang ChatGPT bilang karagdagang kasangkapan upang masuportahan ang ilang gawaing may kaugnayan sa pagsulat at pagbuo ng pag-aaral. Nakatulong ito sa pagbuo at pag-oorganisa ng mga ideya, pagbalangkas ng mga bahagi ng pananaliksik, pagwawasto ng mga kamaliang panggramatika, at pagpapahusay ng pagkakabuo ng mga pangungusap at pagkakaugnay-ugnay ng mga talata. Naging katuwang din ito sa pagsasalin ng mga piling termino at paglilinaw sa ilang konseptong nangangailangan ng mas malalim na pagpapaliwanag. Walang personal o kumpidensiyal na impormasyong inilagay o ibinahagi sa paggamit ng nasabing AI tool. Gayunpaman, nananatiling ganap na pananagutan ng may-akda ang pagrepaso at pagpapatunay sa mga impormasyong ginamit, gayundin ang katiyakan, pagiging orihinal, integridad, at kabuuang kalidad ng pinal na pananaliksik.

5. Mga Sanggunian

Ada, H. C., et al. (2025). Analyzing essay writing difficulties among Filipino junior high school students. Journal of Research in Education and Practice.

Alodos, L. B., & Tomas, D. S. (2024). Mga kamalian sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sining sa Filipino. E-DAWA Journal, 4(2).

Alquizalas, G. C., Barita, C. L., Rondina, S. E., & Garcia, I. P. (2025). Level of proficiency in proper essay writing. Pantao: The International Journal of the Humanities and Social Sciences, 4(4), 6675–6686. https://doi.org/10.69651/PIJHSS0404614

Andalahao, E. L. B., et al. (2024). Influence of grammatical ability on writing proficiency in the Filipino language.

Andalahao, E. L. B., Garan, D. M. E., Fabrigaras, J. A., et al. (2025). Influence of grammatical ability to write using Filipino language. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 36(4), 475–483. https://doi.org/10.70838/pemj.360410

Aragon, J. M. L., & Balallo, C. L. (2023). Antas sa kahusayan at hamon sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Filipino. American Research Journal of Humanities and Social Sciences, 6(10), 57–61.

Aydinan, Z. D. (2025). Mga kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields.

Babas, J. (2024). Navigating the teaching of expository writing by Filipino language educators: Challenges and strategies. Zenodo. https://doi.org/10.5281/zenodo.13208907

Buan, J. D., & Balagtas, R. P. (2023). Antas sa kahusayan at hamon sa pagsulat ng sanaysay sa wikang Filipino. American Research Journal of Humanities and Social Sciences.

Cabigao, J. R. (2021). Improving the basic writing skills of Grade 7 learners in Filipino: Action research in Filipino language. Shanlax International Journal of Education, 9(3), 67–71. DOI: https://doi.org/10.34293/education.v9i3.3815

Caigas, J. A. J. (2024). Sulat Dalumat: Mga mungkahing teknik sa pagtuturo ng akademikong pagsulat. E-Journals Philippines.

Castillo, D. (2025). Proficiency in text writing and development of workbook for guided writing among Grade 8 students. International Journal of Advances in Science and Education.

Dela Peña, H.-K. (2023). Information mapping method sa pagtuturo ng replektibong sanaysay sa baitang 8. International Journal of Research Studies in Education, 12(8), 125–134. https://doi.org/10.5861/ijrse.2023.72

Dumagco, K. M., David, C., Otadoy, A., et al. (2023). Level of essay writing skills in Filipino subject among students. Marian College Research. https://www.scribd.com/document/639801588/As-partial-fulfilment-of-the-Filipino-subject-1

E-Saysay: Gabay sa pagsulat ng sanaysay. (2025). International Journal of Research Studies in Education.

Escandallo, J. C. (2024). The analysis on the writing proficiency of students in non-board programs. Journal Article.

Espiritu, J., & Acerit, M. (2024). Estratehiya at kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa Senior High School: Batayan sa pagbuo ng mga estratehiya ng pagtuturo ng akademikong pagsulat.

International Multilingual Journal of Science and Technology, 9(7), 7451–7461. Exploring the process-based approach in academic writing. (2024). e-Journals Philippines.

Gabuay-Vega, M. L. (2025). Exploring the process-based approach in academic writing: English teachers' implementation and perceived impact. Journal of Interdisciplinary Perspectives, 3(4), 390–401. https://doi.org/10.69569/jip.2025.012

Gatcho, A. R., & Ramos, R. C. (2016). Writing proficiency and writing skills of Filipino students. https://www.researchgate.net/publication/337878046_Writing_Skills_of_Junior_High_School_Students_of_the_University_of_Saint_Anthony_Iriga_City_Philippines

Gongob, D. B. (2026). Mind mapping technique in improving essay writing skills in Filipino 9 (Mind mapping technique sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa Filipino 9). Pantao: The

International Journal of the Humanities and Social Sciences, 5(2), 1332–1364. https://doi.org/10.69651/PIJHSS0502982

Guzman, R. et al. (2025). Kasanayan at karanasan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Senior High School. EPRA International Journal of Research and Development, 10(5). https://doi.org/10.36713/epra21363

Mabini, M. O. (2024). The level of research writing skills in Filipino of eleventh grade students. International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation, 2(4).

Maboloc, C. R., et al. (2023). Strategies in teaching academic essay writing: Level of effectiveness and instructional barriers: The case of Filipino learners. World Journal of English Language, 13(6), 42–55.

Maligalig, A. L., & Carada, I. G. (2021). Cloze passage bilang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino at kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 5(9), 39–47.

Mamidted, M. A. (2023). Retorical skills in essay writing of Filipino students. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 11(2). https://ejournals.ph/article.php?id=21087

Martarini, N. M. L., & Sastaparamitha, N. N. A. J. (2020). The effect of guided writing strategy in writing skill. Yavana Bhāshā: Journal of English Language Education, 3(2).

Martinez, V. (2025). Challenges in formal Filipino writing among ninth-grade students in special programs in the Philippines. Journal of Educational Leadership and Management.

Martinez, V. C. (2025). Formal writing in Filipino: Common experiences in writing Filipino essays. International Journal for Multidisciplinary Research, 7(3). https://www.ijfmr.com/papers/2025/3/45087.pdf

Megawati, N. (2020). Using guided writing strategy in teaching descriptive writing to tenth grade students. Edukasia Journal. https://distantreader.org/stacks/journals/edukasi/edukasi-5590.pdf

Mendoza, M. L. (2025). Pagsusuri sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Benguet Research Journal.

Momo, M. (2025). Authentic materials and writing skills of students in Filipino. International Journal of Arts, Sciences and Education.

Momo, M., & Altaya, G. (2025). Authentic materials and writing skills of students in Filipino. International Journal of Arts, Sciences and Education, 6(1), 101–110.

Purnomowati, B. (2019). The use of guided writing technique to enhance students' writing skill and class situation. English Education Journal. https://jurnal.uns.ac.id/englishedu/article/view/35827

Ricohermoso, M. E. (2025). Antas ng kasanayan sa pagkilala at pagsulat sa teksto: Batayan sa pagbuo ng sanayang-aklat. Aloysian Publication Journal, 1(7). DOI: https://doi.org/10.5281/zenodo.16873331

Saavedra, A. D., & Barredo, C. P. (2020). Factors that contribute to the poor writing skills in Filipino and English of elementary pupils. International Journal of Innovation, Creativity and Change, 14(5).

Saradat, C. R. L., Palermo, J. A., Condes, A. C. A., Iso, J. M. C., Sta. Ana, P. R., & Sullera, F. B., Jr. (2025). Guided and journal writing: Komparatibong pag-aaral sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 3(2), 1098–1111. https://doi.org/10.5281/zenodo.14967087

Sialongo, N. (2025). Kakayahan sa sarili sa paggamit ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa BSED-Filipino: Isang convergent parallel na pag-aaral. E-Journals Philippines.

Wendimu, S. G. (2024). Teacher–students collaboration: Using guided-writing instruction to improve students' writing skills. SAGE Open. https://doi.org/10.1177/21582440241258020

Widiasari, A. L. (2024). A guided writing technique based on project-based learning to improve students' writing skills. International Journal of Current Science Research and Review. https://ijcsrr.org/wp-content/uploads/2024/06/55-2006-2024.pdf